# PAGKALINGA SA MGA NANGANGAILANGAN

GABAY SA PAG-AARAL

# PAGKALINGA SA MGA NANGANGAILANGAN

## GABAY SA PAG-AARAL

*At pinagkalooban niya ang mga iba*
*na maging apostol; at ang mga iba'y propeta;*
*at ang mga iba'y evangelista;*
*at ang mga iba'y pastor at mga guro;*
*sa ikasasakdal ng mga banal,*
*sa gawaing paglilingkod, sa ikatitibay ng katawan*
*ni Cristo: Hanggang sa abutin nating*
*lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya.*

*Mga Taga Efeso 4:11–13*

Inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Lungsod ng Salt Lake, Utah

© 2000 ng Intellectual Reserve, Inc.
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 10/86
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 10/86
Pagsasalin ng *Caring for the Needy: Study Guide*
Tagalog

# MGA NILALAMAN

**Pambungad** iv

**Bahagi 1 Tumutulong ang Obispo na Maiwasan ang mga Pangangailangan**

Nanghihikayat ng Pagtitiwala sa Sariling Kakayahan 1

Nanghihikayat ng Bukas-Palad na Pagbibigay 1

Mga Katanungan sa Pagrerepaso 2

Pagsasanay 2

Tseklist ng Pagtitiwala sa Sariling Kakayahan 3

**Bahagi 2 Hinahanap at Kinakalinga ng Obispo ang mga Nangangailangan**

Hanapin ang mga Nangangailangan 4

Suriing Mabuti ang mga Kalagayan 4

Gamitin ang Inspirasyon 5

Magbigay ng Tulong 5

Mag-atas ng Gawain Bilang Kapalit ng Tulong 6

Mga Katanungan sa Pagrerepaso 7

Pagsasanay 7

Pormularyo ng mga Pangangailangan at Mapagkukunan (Needs and Resources Analysis form) 8

**Bahagi 3 Kasali ang Obispo sa Kapulungang Pangkapakanan ng mga Obispo ng Istaka**

Mga Katanungan sa Pagrerepaso 10

Pagsasanay 10

Mga Mungkahing Atas na Gawain 11

**Mga Karagdagang Sanggunian**

Mga Banal na Kasulatan 12

Mga Audiovisual na Materyal 12

Mga Manwal at Hanbuk 12

Mga Artikulo sa mga Lathalain ng Simbahan 12

# PAMBUNGAD

Ikaw ay tinawag at inordenan bilang obispo upang isakatuparan ang mga layunin ng Panginoon. Ang iyong tungkulin ay may limang bahagi ng resposibilidad tulad ng ipinakikita ng katabing drowing (diagram).

Ipinaliliwanag at ipinakikita ng gabay sa pag-aaral na ito at ng kasamang videocassette ang mga paraan upang maisakatuparan ang iyong responsibilidad na kalingain ang mga nangangailangan. Upang gawing simple ang materyal na inilalahad dito, ang anumang patungkol sa mga obispo ay kinabibilangan na rin ng mga pangulo ng sangay.




**Mga Tagubilin:** Simulan sa pamamagitan ng panonood sa pambungad ng videocassette na *Pagkalinga sa mga Nangangailangan*, pagkatapos ay basahin ang Bahagi 1 sa gabay sa pag-aaral na ito at sagutin ang mga tanong. Kung walang makukuhang videocassette, ang gabay sa pag-aaral na ito na lamang ang gamitin.

# BAHAGI 1

Ang pangunahing responsibilidad sa pag-iwas sa pangangailangan ay nakasalalay sa bawat tao. Ang iyong tungkulin bilang obispo ay tiyakin na ginagawa ng mga miyembro ang lahat upang tulungan ang kanilang sarili, kanilang mag-anak, at ang iba pang tao. Sa pakikipagtulungan sa mga korum ng pagkasaserdote at Samahang Damayan, kailangan mong ituro ang dalawang mahahalagang alituntunin ng ebanghelyo na may kaugnayan sa kapakanan: tiwala sa sariling kakayahan at bukas-palad na pagbibigay.

Maiiwasan ng mga miyembro ang temporal na pangangailangan sa kanilang buhay sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan at pamumuhay nang naaayon sa dalawang alituntuning ito. Ituro ang pagtitiwala sa sariling kakayahan at bukas-palad na pagbibigay sa pamamagitan ng pagpapakita ng karapat-dapat na halimbawa at pagbibigay-diin sa mga alituntuning ito sa mga panayam at pulong. Ilaan ang isang bahagi ng bawat pulong ng komite sa serbisyong pangkapakanan—para sa pagsasanay at sa pagsukat ng pag-unlad na bunga ng pamumuhay ayon sa mga alituntuning ito.

### Nanghihikayat ng Pagtitiwala sa Sariling Kakayahan

Ang nga taong may tiwala sa sariling kakayahan ay naglalaan para sa kanilang sarili at sa kanilang mag-anak sa pamamagitan ng kanilang sariling pagsisikap (tingnan sa Genesis 3:19). Nagpaplano sila para sa hinaharap; masipag at matipid, malaya sa walang-kabuluhang pangungutang, kumakalinga sa kanilang mga may-edad na magulang, at naghahanda para sa mga biglaang pangangailangan sa hinaharap (tingnan sa D at T 38:30; 78:14).

"Magtrabaho tayo para sa ating pangangailangan. Magtiwala tayo sa sariling kakayahan at huwag umasa sa iba. Ang kaligtasan ay hindi matatamo sa iba pang alituntunin. Ang kaligtasan ay pang-indibiduwal na bagay, at dapat nating pagsikapan ang ating sariling kaligtasan sa temporal gayon din sa espirituwal na mga bagay" (Marion G. Romney, sa Conference Report, Okt. 1976, p. 167; o *Ensign*, Nob. 1976, p. 124).

"Walang tunay na Banal sa mga Huling Araw, gayong may kakayahang pisikal at emosyonal ang magkukusang ilipat ang sarili niyang pasanin o ang kapakanan ng kanyang mag-anak sa ibang tao. Hangga't makakaya niya, sa ilalim ng inspirasyon ng Panginoon at sa kanyang sariling pagsisikap, tutustusan niya ang kanyang sarili at ang kanyang mag-anak ng mga espirituwal at temporal na pangangailangan sa buhay" (Spencer W. Kimball, sa Conference Report, Okt. 1977, p. 124; o *Ensign*, Nob. 1977, pp. 77–78).

Tinutulungan ng mga korum ng pagkasaserdote at ng Samahang Damayan ang mga miyembro na matuto ng mga kasanayan upang magkaroon ng tiwala sa sariling kakayahan. Maaaring pagtuunan ng pansin ng gayong mga pagsisikap ang karunungang bumasa't sumulat, edukasyon, pagpapaunlad ng karera, pangangasiwa sa pananalapi, paggawa ng panustos para sa tahanan at pag-iimbak, at kapakanang pampisikal, panlipunan, at pang-emosyonal.

Kabilang sa pahina 7 ang isang tseklist upang tulungan ang mga miyembro na magkaroon ng tiwala sa sariling kakayahan. Makapanghihikayat kayo ng pagtitiwala sa sariling kakayahan at makatutulong na maiwasan ang pangangailangang pangkapakanan sa purok sa pamamagitan ng pag-aatas sa mga indibiduwal at mag-anak na kompletuhin ang tseklist.

### Nanghihikayat ng Bukas-Palad na Pagbibigay

Sinabi ng Panginoon, "Lalo pang mapalad ang magbigay kay sa tumanggap" (Mga Gawa 20:35). Bukas-palad na magbibigay ang mga miyembro sa pamamagitan ng pagkakaloob ng kanilang panahon, talento, at ari-arian sa diwa ng pahayag na ito: "Nais kong ibahagi ninyo ang inyong kabuhayan sa mga maralita, bawat tao alinsunod sa kung ano ang mayroon siya" (Mosias 4:26). Maging ang mga naghihikahos ay makapagbibigay (tingnan sa Mosias 4:24). Manghikayat ng bukas-palad na pagbibigay sa mga miyembro ng purok sa pamamagitan ng paghimok sa kanila na magbigay ng mga handog mula sa ayuno at magbigay ng madamaying paglilingkod sa mag-anak, Simbahan, at komunidad.

Ang mga *handog mula sa ayuno*, sa pinakamababang halaga, ay dapat katumbas ng halaga ng dalawang kainan na hindi kinain sa oras ng ayuno. Dapat magbigay pa nang labis ang mga miyembro kung makakaya nila.

"Sa palagay ko kapag nakaririwasa tayo, tulad ng marami sa atin, ay kailangang . . . maging bukas-palad at mapagbigay tayo, sa halip na halaga lamang ng natipid natin sa dalawang kainan ng pag-aayuno, marahil ay higit, labis-labis pa . . . makasampung ulit kung tayo ay nasa katayuang gawin ito" (Spencer W. Kimball, sa Conference Report, Abr. 1974, p. 184).

Ang *madamaying paglilingkod* ay dapat ibigay ng lahat ng miyembro. Iniutos ng Panginoon, "Alalahanin sa lahat ng bagay ang mga maralita at ang mga nangangailangan, ang maysakit at ang naghihirap, sapagkat siya na hindi gumagawa ng mga bagay na ito, siya rin ay hindi ko disipulo" (D at T 52:40). Habang ginagawang lahat ng mga miyembro ang makakaya nila upang

tulungan ang kanilang sarili, nabibigyan sila ng hangaring magmalasakit at tumulong sa iba. Naipapakita ang hangaring ito sa pagbabahagi, pakikilahok sa mga binuong proyekto sa paglilingkod, at pakikisali sa serbisyong pang-komunidad, lalung-lalo na para sa kapakanan ng mga nangangailangan.

Habang sinusunod ng mga miyembro at pinuno ang mga alintutuning ito, papalapit na sila sa kalagayang tinatawag na Sion. "Tinawag ng Panginoon ang kanyang mga tao na SION, sapagkat sila ay may isang puso at isang isipan, at namuhay sa kabutihan; at walang maralita sa kanila" (Moises 7:18, tingnan din sa Moises 7:17).

**Mga Tagubilin:** Mangyaring panoorin ang Bahagi 1 ng videocassete na *Pagkalinga sa mga Nangangailangan.*

### Mga Katanungan sa Pagrerepaso

Matapos ang pagbabasa ng Bahagi 1 ng gabay sa pag-aaral na ito at panonood ng Bahagi 1 ng videocassette na *Pagkalinga sa mga Nangangailangan*, isulat ang mga sagot sa sumusunod na mga tanong. Maaari ding itala ninyo ang mga inspirasyong nadama ninyo habang nirerepaso ang materyal. Matutulungan kayo ng mga talang ito na alalahaning muli ang mga naisip ninyo matapos na makumpleto ang pagsasanay.

1. Sino ang may pangunahing responsibilidad sa pag-iwas sa pangangailangan?

2. Anong mga responsibilidad mayroon ang korum ng pagkasaserdote at Samahang Damayan sa pag-iwas sa pangangailangan?

3. Ano ang iyong responsibilidad sa pag-iwas sa pangangailangan?

4. Sa anu-anong paraan kinakailangan ng mga miyembro sa inyong purok na magkaroon ng higit na pagtitiwala sa sariling kakayahan?

5. Ano ang gagawin mo upang makahikayat pa ng bukas-palad na pagbibigay sa mga miyembro ng purok?

### Pagsasanay

Kumpletuhin ang Tseklist ng Tiwala sa Sariling Kakayahan kasama ang iyong mag-anak. Maghanda ng mga layuning pansarili at pangmag-anak. Sa pagkukumpleto ng gawaing ito, mas matutulungan mo ang mga korum ng pagkasaserdote at ang Samahang Damayan sa paggamit ng mahalagang kasangkapang ito.

**Mga Tagubilin:** Mangyaring magpatuloy sa Bahagi 2 ng gabay sa pag-aaral na ito.

**Tseklist ng Pagtitiwala sa Sariling Kakayahan**

| Mga Tanong | Piano Ukol sa Gagawing Hakbang |
|---|---|
| • May trabaho ba kayo o iba pang maaasahang mga pagkukunan ng kita na sapat upang matustusan ninyo ang pangangailangang pansarili at pangmag-anak? | |
| • Pinangangasiwaan ba ninyo ang inyong pananalapi upang maiwasan ang di-makabuluhang pangungutang? | |
| • Inihahanda ba ninyo ang pananalapi para sa mga di-inaasahang karamdaman, biglaang pangangailangan, at pangreretiro? | |
| • Pinananatili ba ninyo sa maayos na kondisyon ang inyong mga ari-arian? | |
| • Maitataguyod ba ninyo ang inyong sarili at ang inyong mag-anak nang hindi tumatanggap ng tulong mula sa Simbahan, pamahalaan, at iba pa? | |
| • Ginagawa ba ninyo ang lahat upang maging malusog at mapanatili ang tamang timbang? | |
| • Sinusunod ba ninyo ang mga kaugalian na maglalayo sa mga aksidente at kapinsalaan? | |
| • Kumakain ba kayo ng masustansiyang pagkain at pinananatili ang malinis na kapaligiran upang makaiwas sa sakit? | |
| • May kakayahan ba kayong gumamot ng simpleng karamdaman at sugat, at kumukunsulta ba kayo sa doktor kapag kinakailangan? | |
| • May kakayahan ba kayong harapin ang mga hamon na panlipunan at pandamdamin sa inyong buhay? | |
| • Nakababasa, nakapagsusulat, at nakagagawa ba kayo ng simpleng matematika nang sapat upang mapangalagaan ang inyong sarili at mag-anak? | |
| • Nagsasagawa ba kayo ng mabubuting kaugalian sa pagtatrabaho? | |
| • Mayroon ba kayong sapat na pagkain, kasuotan, at iba pang imbak upang matugunan ang mga biglaang pangangailangan? | |

# BAHAGI 2

## Hinahanap at Kinakalinga ng Obispo ang mga Nangangailangan

Tinukoy ng Apostol na si Pedro si Jesus bilang "Pastor at obispo ng inyong mga kaluluwa" (I Ni Pedro 2:25). Sa pag-aaral sa halimbawa ng Tagapagligtas, nakikita natin na inaakay ng pastor ang kawan. Binibigyan niya ang bawat isa ng pagkalinga at pansin. Nakikilala niya ang kanyang mga tupa, at nakikilala nila at sinusunod ang kanyang tinig.

Yamang ikaw ang kinatawan ng Panginoon sa Kanyang mga tupa, ipinagkatiwala Niya sa iyo ang sagradong tungkulin ng pagkalinga sa mga maralita.

"Sa obispo ibinigay ang lahat ng kapangyarihan at responsibilidad na partikular na iniutos ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan hinggil sa pagkalinga sa mga maralita. . . . Wala nang iba pang inatasan ng ganitong tungkulin at responsibilidad, walang ibang pinagkalooban ng kapangyarihan at mga pagkilos na kailangan para sa gawaing ito. . . .

"Sa salita ng Panginoon, tanging ang obispo ang may responsibilidad na kumalinga at maaaring magpasiya ukol sa pagkalinga sa mga maralita. . . . Tungkulin niya at tanging kanya lamang, ang alamin kung kanino, kailan, paano, at gaano ang ibibigay sa kaninumang miyembro ng kanyang purok mula sa mga pondo ng Simbahan at sa tulong ng purok.

"Ito ang kanyang mataas at sagradong tungkulin, na iniatas mismo ng Panginoon. Hindi matatakasan ng obispo ang kanyang tungkulin; hindi niya ito maiiwasan; hindi niya ito maaaring ipasa sa iba, at sa gayon ay maibsan ang kanyang dalahin. Sinuman ang kanyang tawagin upang tulungan siya, ang obispo pa rin ang may pangunahing responsibilidad sa pagkalinga sa mga maralita" (J. Reuben Clark Jr., sinipi ni Marion G. Romney, sa Conference Report, Okt. 1977, p. 115; o *Ensign*, Nob. 1977, p. 79).

Ang karamihan sa iyong magagawa ay magaganap sa pamamagitan ng pagsisikap ng iba na tinawag ng Panginoon upang tumulong sa iyo—ang iyong mga tagapayo, mga pinuno ng korum ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, at pinuno ng Samahang Damayan. Sa pagkilos sa ilalim ng iyong pamamahala, makatutulong sila sa paghahanap sa mahihirap at nangangailangan, magrekomenda ng tulong, at magmungkahi ng mga oportunidad sa trabaho na makatutulong sa mga tumatanggap ng tulong pangkapakanan upang magtiwala sa sariling kakayahan.

### Hanapin ang mga Nangangailangan

Bilang obispo, tungkulin mong alamin kung sino sa mga miyembro ang pangangailangan. Hindi sapat na tumugon lamang kapag lumalapit sila sa iyo para humingi ng tulong.

Upang mabisang makapaglingkod, kakailanganin mong maging sensitibo sa espirituwal, pisikal, emosyonal, at pangkabuhayan na kalagayan ng mga miyembro ng purok.

"Bawat obispo ay kailangang *malaman ang pangkalahatang kalagayan ng mga miyembro ng kanyang purok*. Nalalaman niya ito mula sa pagmamasid, mula sa mga ulat ng tagapagturong dumadalaw at tagapagturo ng tahanan, mula sa mga panayam, at mula sa mga pagbulong ng Espiritu" (Marion G. Romney, sa Conference Report, Okt. 1979, p. 138; o *Ensign*, Nob. 1979, p. 95).

Ang mga paraan upang matukoy ang mga nangangailangang miyembro ay kinabibilangan ng—

1. Mga *inspirasyong dulot ng Espiritu*. Dahil sa iyong natatanging tungkulin, maaari kang bigyang-inspirasyon anumang oras ng Espiritu na malaman ang tungkol sa kapakanan ng isang taong nangangailangan. Sa lahat ng iyong pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng purok, manatiling alisto at pakinggan ang Espiritu na maghahayag ng mga lihim na pangangailangan. Laging tumalima sa mga inspirasyong dulot ng Espiritu.
2. Komite sa serbisyong pangkapakanan ng purok. Kapag nagpupulong ang komiteng ito, maglaan ng mga pagkakataon para sa mga pinuno ng Pagkasaserdoteng Melquisedec at ng Samahang Damayan na makapag-ulat ng mga pangangailangang pangkapakanan. Ituring na kompidensiyal ang lahat ng bagay. Gamitin ang komite sa serbisyong pangkapakanan upang mabigyang-kaalaman, mag-atas, at humingi ng mga ulat ng pag-unlad.
3. *Pagtuturo sa tahanan at pagdalaw na pagtuturo*. Tiyakin na palagiang dinadalaw ng mga tagapagturo ng tahanan at dumadalaw na tagapagturo ang mga tahanan ng lahat ng miyembro. Kailangang alamin nila ang kapakanan ng bawat mag-anak at tugunan ang mga pangangailangan ng mag-anak hanggat makakaya nila. Ipaulat sa kanila ang mga pangangailangang pangkapakanan na nakikita nila.

### Suriing Mabuti ang mga Kalagayan

Sa pagtulong sa mga nangangailangan, malulutas ninyo ang mga bagay na hindi tiyak ukol sa kung paano at kailan tutulong kung maingat ninyong susuriin ang tunay na katangian at itatagal ng suliranin at ang mga magagamit na panustos upang matugunan ang pangangailangan (tingnan sa D at T 9:8–9). Sa tuwing nararapat, ibilang ang mga pinuno ng korum ng Pagkasaserdoteng Melquisedec at pangulo ng Samahang Damayan sa paggawa ng pagsusuring ito.

Ang pormularyo ng Pagsusuri ng mga Pangangailangan at Mapagkukunan

(Needs and Resources Analysis form) sa inyo sa pagsusuri ng mga pangangailangan at paglilista ng makukuhang panustos (tingnan sa pahina 8 ng gabay na ito.) Ang pormularyong ito ay gamit sa buong Simbahan.

### Gamitin ang Inspirasyon

Bilang obispo, pinangakuan ka ng kaloob na pagkilala upang tulungan kang malaman kung anong mga uri ng pag-aalay ang makatutulong sa mga maralita at nangangailangan (D at T 46:27–30).

"Sa ganitong uri ng espiritung gumagabay sa inyong mga obispo, mararating ninyo ang inihayag na katiyakang sumasagot sa madalas na mga itinatanong na, Sino ang tutulungan ko? Gaanong tulong ang ibibigay ko? Gaano kadalas at katagal ako tutulong? Walang eksaktong tuntunin na ibibigay bilang sagot sa mga tanong na ito. Bilang pangkalahatang hukom, kailangang mamuhay kayo nang karapat-dapat upang sa bawat pangyayari ay iyong matamo ang mga kasagutan mula sa tanging inilaan na mapagkukunan [ng solusyon]—ang inspirasyon ng langit" (Marion G. Romney, sa Conference Report, Okt. 1979, p. 140; o *Ensign*, Nob. 1979, p. 96).

### Magbigay ng Tulong

Sa pagpapasiya kung ano ang tulong na ibibigay, kailangan mo munang malaman kung gaano na ang naitustos ng indibiduwal at ng mag-anak. Ang tulong pangkapakanan ay ibinibigay upang tulungan ang mga taong tulungan ang kanilang sarili, matutong magtiwala sa sarili at hindi umasa sa iba. Humanap ng paraan upang magkaroon ng integridad, paggalang sa sarili, dignidad, at mabuting pagkatao ang bawat taong tinutulungan, na hahantong sa ganap na pagtitiwala sa sariling kakayahan.

Sundin ang mga patnubay na ito kapag nagbibigay ng tulong:

1. *Gamitin ang kamalig ng Panginoon*. Ang kamalig ng Panginoon ay kinabibilangan ng panahon, talento, kasanayan, pakikiramay, mga inilaang materyal, at kakayahan sa pananalapi ng mga miyembro ng Simbahan. Maaaring ipagamit ito sa obispo sa pagtulong sa mga maralita at nangangailangan saan man. Ang paggamit sa gayong mga mapagkukunan ay magbubunga ng pagpapala sa nagbigay at ang tumatanggap ay pinangangalagaan sa sariling pamamaraan ng Panginoon (tingnan sa D at T 104:16).

   Ang mga pondong mula sa ayuno ang siyang pangunahing pinagkukunan ng pananalapi para sa pagtulong sa mga miyembrong nangangailangan. Maaaring gamitin ninyo ang mga handog mula sa ayuno sa pagbili ng pagkain, kasuotan, kanlungan, pagpapagamot, o iba pang tulong sa mga maralita. Ginagamit lamang ang mga pondo ng handog mula sa ayuno sa pagtulong sa mga nangangailangan.

   Maaari din ninyong gamitin ang ibang mapagkukunang pangkapakanan ng Simbahan tulad ng mga kamalig ng obispo, LDS Social Services, Deseret Industries, imbakan ng pagkain [canneries], tanggapan ng pagsasanay at tumutulong sa paghahanap ng trabaho, mga proyektong pangserbisyo kapag matatagpuan ang mga ito sa inyong lugar.

   Isali ang pangulo ng Samahang Damayan sa pagbibigay ng tulong. Dapat niyang dalawin ang tahanan, tulungan ang tumatanggap na gumawa ng detalyeng listahan ng mga pangangailangan sa pagkain at kasuotan, at ilahad ito sa inyo para repasuhin. Ang inyong lagda ay nagbibigay pahintulot sa pagbibigay ng serbisyo mula sa kamalig ng mga obispo o ng pagbili mula sa lokal na tindahan.

2. *Tumulong nang may kapwa napagkasunduan*. Ang obispo at ang tumatanggap ng tulong ay dapat magkasundo sa uri, hangganan, at tamang panahon ng pagtulong.

3. *Magbigay ng pansamantalang tulong*. Ang pagtulong ng Simbahan ng karaniwang ibinibigay upang tugunan ang mga pansamantalang pangangailangan. Makipagtulungan sa mga korum ng pagkasaserdote at Samahang Damayan upang makahanap ng mga permanenteng solusyon sa mga pangmatagalang suliranin. Maging ang mga mayroong kapansanan, may edad, at iba pa na maaaring nangangailangan ng tulong na pangmahabang panahon ay kailangang mabigyan ng mga pagkakataong gawin ang lahat ng kanilang magagawa upang tulungan ang kanilang sarili.

4. *Magbigay ng tulong upang magtawid-buhay*. "Tumutulong tayo sa pagbibigay ng mga pangunahing pagkain at serbisyo na pantawid-buhay, hindi sa pagpapanatili ng kasalukuyang mga pamantayan ng pamumuhay. Maaaring kailangang baguhin ng mga indibiduwal at mag-anak ang mga pamantayan ng kanilang pamumuhay sa pamamagitan ng paggawa ng lahat ng makakaya nila upang matugunan ang kanilang sariling mga pangangailangan" ("Guiding Principles of Personal and Family Welfare," ni Thomas S. Monson, *Ensign*, Set. 1986, p. 5).

5. *Gamitin nang wasto ang mga mapagkukunan sa pamayanan*. Ang mga serbisyong pampamayanan ay maaaring maging katanggap-tanggap na mapagkukunan ng tulong

para sa mga nangangailangang miyembro. Ang mga ito ay maaaring kabilangan ng mga serbisyo sa pagsangguni tungkol sa mag-anak, gawaing pangkasanayan para sa mga may kapansanan, mga sentro para sa mga pagpapanibagong-buhay (rehabilitation center), at mga ahensiyang tumutulong sa paghahanap ng trabaho. Kung hinahangad ng mga miyembro ang ganitong uri ng tulong, payuhan silang mahigpit na manindigan sa mga alituntunin ng ebanghelyo, na isaalang-alang ang pahayag na tuntuning ito ng Pangkalahatang Komite sa mga Serbisyong Pangkapakanan (General Welfare Services Committee):

"Walang tunay na Banal sa mga Huling Araw, gayong may kakayahang pisikal at emosyonal ang magkukusang ilipat ang sarili niyang pasanin o ang kapakanan ng kanyang mag-anak sa ibang tao. Hangga't makakaya niya, sa ilalim ng inspirasyon ng Panginoon at sa kanyang sariling pagsisikap, tutustusan niya ang kanyang sarili at ang kanyang mag-anak ng mga espirituwal at temporal na pangangailangan sa buhay" (Spencer W. Kimball, sa Conference Report, Okt. 1977, p. 124; o *Ensign*, Nob. 1977, pp. 77-78).

"Sang-ayon sa paggabay ng Espiritu ng Panginoon at sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga alituntuning ito, kailangang gumawa ng mga sariling pagpapasiya ang bawat miyembro ng Simbahan kung anong pagtulong ang dapat niyang tanggapin, maging mula man sa pamahalaan o sa iba pang mapagkukunan. Sa ganitong paraan, mahihikayat ang hindi pag-asa sa iba, paggalang sa sarili, dignidad, at pagtitiwala sa sariling kakayahan, at mapananatili ang kalayaang pumili" (*Welfare Services Resource Handbook* [1980], p. 21).

Payuhan ang mga miyembro na sumunod sa anumang batas na nauukol sa pagtanggap ng tulong mula sa pamahalaan, lalo na kapag tumatanggap ng tulong ng Simbahan.

### Mag-atas ng Gawain Bilang Kapalit ng Tulong

Ang paggawa ay kapwa espirituwal at temporal na pangangailangan. Sa pagpapaliwanag sa mga layuning pangkapakanan ng Simbahan, sinabi ng Unang Panguluhan: "Ang pangunahin nating layunin ay itatag, sa abot ng ating makakaya, ang isang sistema kung saan mapapawi ang sumpang katamaran, maaalis ang kasamaan ng pag-asa sa bigay ng iba (dole), at sa halip ay minsan pang ituturo sa ating mga tao ang hindi pag-asa sa iba, kasipagan, katipiran at paggalang sa sarili. Ang layunin ng Simbahan ay tulungan ang mga tao na matulungan ang kanilang sarili. Ang pagtatrabaho ay kailangang bigyan muli ng halaga bilang namamayaning alituntunin sa buhay ng mga miyembro ng ating Simbahan" (sa Conference Report, Okt. 1936, p. 3).

Ang mga miyembrong tumatanggap ng tulong pangkapakanan ay kailangang gumawa sa abot ng kanilang makakaya bilang kapalit ng tinatanggap nila. Ang atas na gawain ay nakatutulong upang hindi na umasa sa iba, magkaroon ng kasipagan, katipiran, at paggalang sa sarili sa pamamagitan ng pagbibigay sa tumatanggap ng tulong ng karapatang paghirapan ang anumang tinanggap.

Isaalang-alang ang mga mungkahing ito sa pagtatakda ng gawain para sa tulong:

1. *Mag-atas ng gawain na kapwa napagkasunduan*. Kailangang magkasundo ang obispo at ang tumatanggap ng tulong sa uri at hangganan ng gawain.

   "Kung tumatanggi ang indibiduwal na gawin ang kanyang bahagi sa paggawa ayon sa kanyang kakayahan, sa gayon ay may karapatan ang obispo na ipagkait ang tulong hanggang sa magkaroon ng pagbabago ng pag-uugali" (Marion G. Romney, sa Conference Report, Okt. 1979, p. 139; o *Ensign*, Nob. 1979, p. 96).
2. *Mag-atas ng gawaing nakatutulong sa ibang miyembro na nangangailangan*. Subuking mag-atas ng mga gawain nang sa gayon ang gawain ng isang tao ay makatulong sa ibang tao, upang matugunan ang mga lokal na pangangailangan at makatulong sa mga miyembro na mapaglingkuran ang bawat isa.
3. *Mag-atas ng gawain na makabuluhan*. Kung maaari, ang iniatas na gawain ay kailangang makatulong sa indibiduwal na magkaroon ng tiwala sa sariling kakayahan.
4. *Isali ang komite ng serbisyong pangkapakanan ng purok*. Maraming malikhaing pamamaraan upang makapagbigay ng mga oportunidad sa paggawa. Isali ang mga miyembro ng komite sa pagtukoy at pagbibigay ng mga pagkakataon sa paggawa.

Maaari ninyong repasuhin ang mga Mungkahing Atas na Gawain habang ginagawa ninyo ang mga atas na gawain (tingnan sa pahina 11 ng gabay sa pag-aaral na ito). Itala ang atas na gawain sa inilaang puwang sa pormularyong Pagsusuri ng mga Pangangailangan at Mapagkukunan (Needs and Resources Analysis).

**Mga Tagubilin:** Mangyaring panoorin ang Bahagi 2 ng videocassette na *Pagkalinga sa mga Nangangailangan*.

### Mga Katanungan sa Pagrerepaso

Matapos basahin ang Bahagi 2 ng gabay sa pag-aaral na ito at mapanood ang Bahagi 2 ng videocassette na *Pagkalinga sa mga Nangangailangan*, isulat ang mga sagot sa mga sumusunod na tanong. Maaari ding itala ninyo ang mga inspirasyong nadama ninyo habang nirerepaso ang materyal. Matutulungan kayo ng mga talang ito na maalalang muli ang mga naisip ninyo matapos na makumpleto ang pagsasanay.

1. Isulat sa inyong mga sariling salita ang pagkaunawa ninyo sa tungkulin ng obispo sa serbisyong pangkapakanan.

2. Paano ninyo gagamitin ang pagsisikap ng iba (kabilang na ang komite ng serbisyong pangkapakanan ng purok) upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga miyembro?

3. Anong mga hakbang ang gagawin ninyo upang matukoy ang mga miyembro na nangangailangan?

### Pagsasanay

Tukuyin ang indibiduwal o mag-anak sa inyong purok na kasalukuyang binibigyan ninyo ng tulong. Kumpletuhin ang pormularyo ng Pagsusuri ng mga Pangangailangan at Mapagkukunan na kasama ang mag-anak. Sa pagkumpleto sa pagsasanay na ito, lalo kayong magiging komportable sa paggamit ng pormularyong ito tuwing susuriin ninyo ang mga pangangailangan.

**Mga Tagubilin:** Mangyaring magpatuloy sa Bahagi 3 ng gabay sa pag-aaral na ito.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

## Pagsusuri ng mga Pangangailangan at Mapagkukunan

Plano sa Pagkakaroon ng Sariling Kakayahan

Pangalan ng miyembro

| Tirahan | Telepono |
|---|---|
| | |

| Purok | Istaka |
|---|---|
| | |

| Saan nagtatrabaho | Trabaho | Telepono |
|---|---|---|
| | | |

Mga pangalan at edad ng mga umaasang miyembro ng mag-anak

**Mga Tagubilin**

Tinutulungan ng obispo ang indibidwal na may mga madaliang pangangailangan habang ang komite sa pangkapakanan ng purok, kabilang na ang mga pinuno ng korum ng pagkasaserdote at Samahang Damayan, ay tumutulong na isakatuparan ang plano na hahantong sa pagkakaroon ng sariling kakayahan.

1. Alamin ang mga pangangailangan ng indibidwal at mag-anak.
2. Tukuyin ang mga indibidwal, mag-anak, Simbahan, at iba pang mapagkukunan.
3. Tulungan ang mga miyembro na bumuo ng plano para sa pagkakaroon ng sariling kakayahan.
4. Magtakda ng gawain upang ang tumatanggap ng tulong ay makapagtrabaho sa abot ng kanyang makakaya.

| Madaliang mga Pangangailangan | Mga Mapagkukunan Upang Matugunan ang mga Pangangailangan |
|---|---|
| Kasama ang miyembro, alamin ang kanyang madaliang mga pangangailangan. Nararapat isulat sa ibaba ang mga pangangailangan na maaring kabilangan ng: pagkain, damit, at pabahay; pera para sa gamot at mga kagamitan sa bahay; o iba pang mga pangangailangan. | Mga mapagkukunan mula sa miyembro, mag-anak, komiteng pangkapakanan ng purok, iba pang mapagkukunan ng Simbahan, at pamayanan.<br>1. Mga mapagkukunan ng miyembro |
| | 2. Mga miyembro ng mag-anak at paano sila makatutulong (mga magulang, anak, kapatid, iba pa). |
| | 3. Iba pang mapagkukunan at paano sila makatutulong |



(Needs and Resources Analysis, Tagalog). 5/00. (5/00). 32290 893

| Mga Kailangan para sa Pagkaroon ng Sariling Kakayahan | Plano na Tutugon sa mga Kailangan para Magkaroon ng Sariling Kakayahan |
|---|---|
| Kasama ng miyembro, alamin kung ano ang kailangang gawin upang magkaroon ng tiwala sa sarili. Dapat na isulat sa ibaba ang mga kailangan na maaaring kabilangan ng pamamahay, trabaho, pagsasanay sa trabaho, edukasyon, at iba pa. | Ipaalam sa miyembro ang plano para sa pagkakaroon ng sariling kakayahan na kinabibilangan ng paraan kung paano at kailan makakamit ang mga kinakailangang mapagkukunan. |

**Gawain at Serbisyong Isasagawa** Isulat sa ibaba ang mga gawaing tinatanggap ng miyembro na gawin sa abot ng kanilang makakaya para sa mga bagay o serbisyong tinanggap.

**Mga Lagda**

| Lagda ng miyembro | Petsa | Lagda ng obispo | Petsa |
|---|---|---|---|
| | | | |

Paalaala: Ang mga terminong *obispo* at *purok* sa pormularyong ito ay tumutukoy din sa pangulo ng sangay at sangay.

# BAHAGI 3

## Kasali ang Obispo sa Kapulungang Pangkapakanan ng mga Obispo ng Istaka

**S**a inyong pakikibahagi sa kapulungan ng mga obispo, kayo ay—

1. *Makatatanggap ng pagsasanay* sa mga tungkuling pangkapakanan tulad ng paghahanap sa mga nangangailangan, pagsusuri ng mga pangangailangan, pagbibigay ng tulong, at pag-aatas ng gawain. Paminsan-minsan ay maaari ding dumalo at magbigay ng tagubilin ang panguluhan ng istaka.
2. *Makapagpapalitan ng mga ideya at karanasan* na makatutulong sa inyo upang matutuhan ang inyong tungkulin at makahanap ng mga kalutasan sa mahihirap na kalagayan.
3. Repasuhin ang mga pasilidad sa pamayanan at alamin ang mga angkop na masasangguni ng mga miyembro.
4. *Repasuhin ang mga kalakaran sa mga handog mula sa ayuno*, pangangailangang pangkapakanan, at tulong. Maging alisto sa mga pagbabagu-bago ng mga pangangailangan at posibleng maling paggamit ng mapagkukunang pangkapakanan ng Simbahan.
5. *Talakayin kung paano makahihikayat ng serbisyong pangkapakanan* sa lahat ng mga miyembro ng Simbahan, na gumagawa ng natatanging pagsisikap upang makahanap ng mga paraan na maisali ang mga kabataang lalaki at kabataang babae sa mga pansariling gawa ng madamaying paglilingkod. Isaalang-alang ang mga paraan ng paggamit ng mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron sa pagtitipon ng mga handog mula sa ayuno.
6. *Suriin ang mga serbisyo*, pangangasiwa, at pagpapakilos ng mapagkukunang pangkapakanan ng Simbahan (kung saan naroon ang mga ito). Tukuyin ang mga oportunidad para makapagtrabaho ang mga tumatanggap ng tulong sa mga pasilidad na ito. Makipag-ayos para sa boluntaryong paggawa at iba pang kinakailangang mapagkukunan.
7. *Alamin ang mga oportunidad sa pagtatrabaho* at talakayin ang mga paraan upang matiyak na ginagawa ng mga miyembro ang lahat ng makakaya nila para sa anumang tinatanggap nila.
8. *Talakayin ang mga paraan kung paano makikipagtulungan ang mga korum ng pagkasaserdote at ang Samahang Damayan* sa mga nangangailangan ng tulong pangkapakanan.

**Mga tagubilin:** Mangyaring panoorin ang Bahagi 3 ng videocassette na *Pagkalinga sa mga Nangangailangan*.

### Mga Katanungan sa Pagrerepaso

Matapos basahin ang Bahagi 3 ng gabay sa pag-aaral na ito at mapanood ang bahagi 3 ng videocassette na *Pagkalinga sa mga Nangangailangan*, isulat ang mga sagot sa mga sumusunod na tanong. Maaari ding itala ninyo ang mga inspirasyong nadama ninyo habang nirerepaso ang materyal. Matutulungan kayo ng mga talang ito na maalalang muli ang mga naisip ninyo matapos na makumpleto ang pagsasanay.

1. Anong mga alalahaning pangkapakanan ang nais ninyong talakayin sa kapulungang pangkapakanan ng mga obispo ng istaka?
2. Ano ang natutuhan ninyo sa kapulungang pangkapakanan ng mga obispo ng istaka na nakatulong sa inyong magampanan nang mas mabisa ang inyong mga tungkuling pangkapakanan?
3. Ilista ang mga paksang sa palagay ninyo ay kailangang maiparating sa mga talakayan o pagsasanay sa mga pulong ng kapulungan.

### Pagsasanay

Isulat ang mga oportunidad sa trabaho na naging mabisa sa pagtulong sa mga tumatanggap ng tulong pangkapakanan. (Maaari kayong sumangguni sa sumusunod na listahan ng mga mungkahing atas na gawain.) Makatutulong ang pagkumpleto sa pagsasanay na ito na maihanda kayo sa pakikibahagi sa darating na pulong ng kapulungang pangkapakanan ng mga obispo ng istaka.

**Mga Mungkahing Atas na Gawain**

Tinipon ang listahan ng mga mungkahi sa trabaho upang tulungan ang mga obispo na mag-atas ng angkop na trabaho para sa mga taong tinutulungan ng Simbahan. Repasuhin ang listahang ito upang tanggalin ang anumang mungkahi na hindi angkop sa inyong purok, at magdagdag ng mga posibleng atas na gawain na mayroon sa purok.

A. Trabaho sa mga Bahay-Pulungan at Bakuran ng Simbahan:

1. Pagpipintura at pagkukumpuni
2. Mga proyekto sa pagtatayo
3. Pangangalaga sa mga halamanan
4. Pagtulong sa mga tagapangalaga (custodian)
5. Paggupit sa mga damo
6. Pagtatabas at pangangalaga ng mga damuhan
7. Pagtatanim at pagpapalago ng mga bulaklak
8. Pagpapala ng niyebe
9. Pagtulong sa pagliligpit at paglilinis sa mga pagtitipun-tipon

B. Iba Pang mga Mungkahi:

1. Pagtulong sa mga klerk ng purok sa mga gawaing pang-kleriko at pag-uulat
2. Pagtulong sa mga katiwala ng aklatan
3. Pagkalinga sa mga tahanan ng mga maysakit, maralita, at matatanda
4. Pagtulong sa mga batang mag-aaral na may kahinaan sa mga aralin sa paaralan
5. Pagtitipon at pagsusulat ng mahahalagang talang pangkasaysayan na gamit sa simbahan at purok
6. Pagtuturo ng pangangalakal at kasanayan sa ibang tao sa purok
7. Pag-aalaga sa mga bata para sa mga nagtatrabahong ina at kapag may natatanging pulong

Kung may pagkakataon kayong magpunta sa mga kamalig ng obispo, proyektong pangproduksyon, imbakan ng pagkain, Deseret Industries, at mga tanggapang nagsasanay at nagbibigay ng trabaho, makipag-ugnayan sa tagapamahala ng yunit upang alamin ang mga atas na gawin sa mga pasilidad na ito.

# MGA KARAGDAGANG SANGGUNIAN

**Mga Banal na Kasulatan**

Sumangguni sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan sa ilalim ng mga paksang tulad ng—

- Pag-ibig sa kapwa-tao
- Paglilingkod
- Pagtatrabaho
- Kamalig
- Maralita
- Obispo
- Paglilimos
- Paggawa
- Pag-aayuno
- Pagiging bukas-palad
- Kapakanan

**Mga Audiovisual na Materyal**

*Applying Welfare Principles in Our Lives* (videocassette, VNVV174A)

**Mga Manwal at Hanbuk**

*Welfare Services Resource Handbook* (PGWE1282)

*Bishop's Guide* (PBCT0124)

**Mga Artikulo sa mga Lathalain ng Simbahan**

Romney, Marion G. Sa Conference Report, Okt. 1977, p. 114–18. (Gayundin sa *Ensign*, Nob. 1979, p. 79–81.)

Romney, Marion G. Sa Conference Report, Okt. 1979, p. 137-41. (Gayundin sa *Ensign*, Nob. 1979, p. 94–96.)

Monson, Thomas S. Sa Conference Report, Okt. 1980, p. 129-34. (Gayundin sa *Ensign*, Nob. 1980, p. 89–91.)

Monson, Thomas S. "Guiding Principles of Personal and Family Welfare," *Ensign*, Set. 1986, p. 3–5.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

4 02322 94893 8
32294 893